San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Abril 2008

Mahal na mga Magulang/Tagapag-alaga:

Ang ika-24 ng Marso ay tanda ng unang araw ko bilang Tagapamahala ng San Diego Unified School District. Ako'y natutuwang narito sa San Diego. Sa pagdalaw ko sa mga paaralan – pakikipagkita sa mga mag-aaral, mga guro, at mga punong-guro – umaasa akong makipagkita rin sa inyo.

Sa panahon ng aking panunungkulan, ako'y naging guro ng mataas na paaralan, isang tagapagsanay, isang pangalawang punong-guro, naging punong-guro, at isang kasamahang tagapamahala. Ang pinakahuli, ako'y naging Tagapamahala ng Guilford County sa North Carolina, isang katungkulang hinawakan ko mula noong 2000. Ikinararangal ko ngayong maging inyong tagapamahala.

Maraming Sabado at Linggo akong narito sa San Diego bago Marso 24 upang makilala ang bayan at tumulong sa paglutas sa isa sa mapaghamong krisis sa badget sa nakaraang kasaysayan. Ang kasalukuyang iminungkahing pagputol sa pondo ng edukasyon sa California ay nakakabalisa sa ating mga anak. Karamihan sa inyo ay gayundin ang nararamdaman. Ang inyong tawag, sulat at emayl sa mga mambabatas sa pagsuporta sa ating mga paaralan ay pinasasalamatan. Hinihikayat ko kayong dumalo sa isang pulong upang makinig, matuto at magsalita para sa lahat ng ating mga kabataan.

Maaari kayong tumulong sa kalagayan ng badget ngayon sa pamamagitan ng pagtiyak na pumapasok ang inyong anak sa paaralan araw-araw kapag walang sakit. Ang ating mga paaralan ay nakasalalay sa kinikitang "Average Daily Attendance" (ADA) at pagkalugi ng $50 bawa't araw sa bawa't mag-aaral na lumiban. Sikaping magbalak ng bakasyon at ang hindi pagpasok kapag talagang wala pasok sa paaralan. Makatutulong ito sa mga paaralan at sa inyong anak. Ipinaliwanag sa pananaliksik ang kaugnayan ng pagpasok sa paaralan at tagumpay sa pag-aaral. Dagdagan ang inyong kaalaman sa http://www.sandi.net/programs/everydaycounts.

Ang pagpasok sa paaralan ay higit na mahalaga ngayong ang mga mag-aaral ay patuloy na nagsusulit sa tagsibol. Ang mga kinalabasan ng pagsusulit ay nagbibigay sa mga magulang ng mahalagang kaalaman sa pagsulong ng kanilang anak, tumutulong sa mga gurong bigyang-diin ang mga bahaging kailangan ng mag-aaral, at magkaroon ang distritong malaman kung anong programa ang mahusay na tutulong sa lahat ng mag-aaral na matupad ang pamantayang antas na baitang. Ang mga estado at pamahalaang mambabatas ay gumagamit ng mga kinalabasan ng pagsusulit para sa pananagutan – upang tulungan ang pagsukat ng kahusayan sa mga programa at mga paaralan.

Inaasahan kong makipagtulungan sa inyo. Maraming salamat sa inyong patuloy na pagsuporta sa inyong anak - kapuwa sa bahay at paaralan. Ang pagtulong ninyo sa mga ginagawang pagtuturo ay palaging mayroong kahalagahan sa tagumpay ng isang mag-aaral, at hindi hihigit pa kundi ngayon.

Buong katapatan,

Terry B. Grier, Ed.D.
Tagapamahala